Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng kaantasan ng pang-uri

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **L** kung ang pang-uri na may salungguhit ay nasa **lantay** na antas, **PH** kung ito ay nasa **pahambing** na antas, at **PS** kung ito ay nasa **pasukdol** na antas.

1. _____ Ang pangkat ni Ramon ay <u>mas mabilis</u> magtrabaho kaysa sa pangkat ni Gary.
2. _____ Ang larawan na gawa nina Paul at Sheena ay <u>makulay</u>.
3. _____ Sino ang nakakuha ng <u>pinakamaraming</u> tamang sagot?
4. _____ <u>Ubod ng linis</u> ang bahay ni Ate Dina!
5. _____ Ang mga gulay at prutas sa tindahan ko ay <u>mas sariwa</u> kaysa sa palengke.
6. _____ Ang kalahok na mananalo sa paligsahan na ito ay <u>napakasuwerte</u>!
7. _____ May kilala ka bang mananahi na <u>mahusay</u>?
8. _____ <u>Higit na malayo</u> ang bayan ng San Andres kaysa Santo Tomas.
9. _____ Ang Bulkang Mayon ang <u>pinakaaktibong</u> bulkan sa Pilipinas.
10. _____ <u>Mapayapa</u> ang buhay ng mag-anak sa bago nilang tirahan.
11. _____ Alin sa dalawang sasakyan na ito ang <u>mas matulin</u>?
12. _____ <u>Mahigpit</u> na ipinasusunod ang mga tuntunin ng paaralan.
13. _____ Lumipas ang <u>napakatagal</u> na panahon bago sumang-ayon sa plano ang pinuno.
14. _____ Ang bunsong anak ko ay <u>kasimbata</u> ng panganay mo.
15. _____ Si Kuya Nilo ang <u>pinakaabala</u> sa amin tuwing malapit na ang Pasko.
16. _____ Nakahiga ang sanggol sa <u>malaking</u> kuna.
17. _____ <u>Labis na matamis</u> ang leche flan kaysa keyk.
18. _____ <u>Malinaw na malinaw</u> ang leksiyon ni Ginang Soriano kahapon.
19. _____ Ang pagkain dito ay <u>di-gaanong masarap</u> tulad ng pagkain sa bahay.
20. _____ Si Marco ang piliin mo dahil <u>malakas</u> ang boses niya.